# Darleng

Maaga ang umaga sa Baryo Ambalatungan. Sabay-sabay na tumilaok ang mga manok kahit wala pang paramdam ang bukang-liwayway. Para silang mga mang-aawit na kinokondisyon ang boses para sa isang bigating konsiyerto. At katulad ng mga mang-aawit, bawat manok ay may natatanging kalidad ng tilaok. May mataas at may mababa. May malakas at may mahina. May manipis at may makapal. May paos. At mayroon din namang sintunado. Ang mga high breed na panabong ay may bigat at awtoridad ang boses, parang kay Frank Sinatra na paboritong pakinggan sa radyo ng mga taga-baryo tuwing umaga. Samantalang parang magdamag namang tumoma ng alak ang mga mestisohing manok kung tumilaok.

Hindi na bago sa mga tao ang mga pambubulahaw na ito. Nagpupunta ang mga lalaki sa kanilang bakuran, kasama ang kanilang mga binata, upang haluin ang mga ibinabad na binhi ng palay. Nagsasaing at nag-init naman ng mga tirang pagkain ang mga ina habang nakikinig ng balita sa Bombo Radyo. (Isang paring mamamahayag ang itinumba ng dalawang lalaki. Suspetsa ng marami, kagagawan ito ni Gob matapos siyang punahin ng mamamahayag dahil sa isyu ng illegal logging.) May kalamigan ang umaga kaya dumidiskarte kung paano magnanakaw ng karagdagang tulog ang mga batang papasok sa eskuwelahan. Ang mga walang ginagawa o gagawin ay mag-uumpukan maya-maya sa tapat ng tindahan at sa gilid ng kalsada para magbahaginan ng mga kuwento.

Nakaupo sa harap ng de-tiklop na mesa si Felipe, hinihintay na kumulo ang tubig. Patuloy pa rin sa pagtilaok ng mga tagagising sa umaga. Kabisado na niya kung aling manok ang may-ari ng tilaok at kung saang banda sa bakuran galing ang tunog.  Pinakamaingay ang mga tandang na nakahilera sa lumang bakod na yari sa kawayan, walang humpay ang pag-unat ng

kanilang leeg at pagkumpas ng kanilang pakpak. Ang iba ay nagduduyan sa mga sanga ng puno ng mangga sa bakuran. Ang inahin naman ay wala ring tigil sa pagputak at, kasama ang kanyang mga sisiw, abalang naghahanap ng matutuka sa likod ng bahay nina Felipe. Hindi niya narinig na nag-ingay ang tandang na dati ay oras-oras kung tumilaok. Matamlay na ang tandang na ito at isasalang na maya-maya sa kaserola.

Tumayo si Felipe at nagpunta sa kuwarto ng panganay na anak. Marahan niyang tinapik ang balikat nito. Nang hindi magising, niyugyog niya ang balikat ng tulog-mantikang binata.

"Mario, anong oras daw ba tatawag ang inang mo?"

"Maaga pa. Mga alas sais pa yata. 'Tang, matulog muna kayo."

"Bumangon ka na diyan. Mamitas ka ng dahon ng malunggay at sili sa likod. Magtitinola ako."

"Madilim pa. Mamaya na. Inaantok pa ako, e."

"*Tattan*," mahina ngunit may diin na utos ni Felipe.

Walang nagawa ang binata. Padabog siyang bumangon at sinunod ang iniuutos ng ama.

Humigop ng matapang na kape si Felipe habang nakapatong ang nirarayumang paa sa upuang may unan. Binuksan niya ang botelya sa harapan at nilagyan ng kaunting lana ang mga palad. Hinilot niya ang bahaging kumikirot. Napapangiwi siya sa tindi ng sakit. Dahil sa rayuma at iba pang karamdamang epekto ng paninigarilyo at pag-inom ng alak noong kabataan niya, isama pa ang sakit sa ulo at katawan dulot ng ilang dekadang pagtrabaho sa bukid, nagmukhang mas matanda si Felipe sa kanyang edad. Namuti at numipis ang kanyang buhok, bumagsak ang kanyang mga pisngi, at lumawlaw ang dating matikas niyang dibdib. Ang mga mata at guhit sa noo ay laging kakikitaan ng pag-aalala. Ngunit kapag siya ay ngumiti, parang walang dinadalang problema.

Minasahe ni Felipe ang kanyang leeg at batok. Napatingala siya at tiningnan ang bubong ng kanilang bahay. Maganda ang materyales, ngunit hindi pa nalalagyan ng bobida. Tanging bakal na trusses at mga agiw na puno ng mga insektong nababalutan ng sapot ang makikita. Napukaw ang kanyang pansin ng dalawang butiki. Naghaharutan noong una, ngunit naging bayolente sa isa't isa. Kinagat ng mas malaking butiki ang leeg ng isa. Gumanti ang mas maliit, kinagat ang paa ng kaaway. Nagbuno ang dalawa hanggang sa maputol ang buntot ng isa sa kanila. Bumagsak ito sa magaspang na semento. Para itong bulateng binudburan ng asin at ganoon na lang ang pagkislot. Mabilis na lumayo ang naputulan. Sinundan ng tingin ni Felipe ang kawawang butiki hanggang sa maglaho ito sa dilim

Pumasok si Mario dala ang mga napitas na dahon. Inilagay niya iyon sa maliit na bilaong nasa ibabaw ng mesa. Dumukot siya sa kanyang bulsa at inilabas ang mga siling labuyo. Natuwa si Felipe.

"Magdikdik ka ng bawang."

Hindi kumpleto ang agahan, tanghalian, at hapunan ni Felipe kung wala ang kanyang paborito: siling labuyo at dinikdik na bawang na ibinabad sa sukang basi. Mas maitim ang basi, mas magana ang kanyang kain.

"Meron pa 'yong dati, a. Ubusin na lang muna 'yon. Saka na ako gagawa 'pag ubos na."

"*Tattan*."

Labag man sa loob, kumuha ng sangkalan si Mario at pahikab-hikab na nagdikdik ng bawang.

"Bakit alas sais pa? Alas kuwatro siya laging tumatawag, a."

“’Yon ang sabi ni Inang no’ng huli ko siyang nakausap. Break nila ngayon. May pupuntahan daw sila ng mga kasama niya sa trabaho. Mamamasyal yata. E, gabi na raw ang uwi nila.”

Halos araw-araw kung mag-usap si Felipe at ang asawang si Ida gamit ang computer. Sa purok nina Felipe, parami na nang parami ang mga bahay na meron nito at may akses sa Internet. Sa mga bahay na ito, isa o mahigit pa ang nagtatrabaho sa ibang bansa. Ang mag-asawang Gracia at Julius ay saleslady at engineer sa Dubai. Si Nestor ay manggagawa sa konstruksiyon sa Taiwan. Si Joan ay domestic helper sa Kuwait. Si Milagros ay nars sa Amerika. Ilan sa kanila ay nakapagpatayo na ng sementadong bahay at may naipundar na ring mga kasangkapan. Ang iba ay nakatira pa rin sa kubo at sumasakit ang ulo kung paano mababayaran ang serbisyo ng Internet.

Limang taon na sa London si Ida bilang caregiver. Dati siyang guro sa Ambalatungan North Central School kung saan tinitingala siya ng mga mag-aaral at kapwa guro dahil sa mga naitutulong niya sa paaralan. Siya ang nilalapitan para maging tagapagsanay ng mga kalahok sa mga pangrehiyon at pambansang quiz bee. Naging kampeon sa ilang pagtitipon sa palakasan ang mga grupong sinanay niya sa sepak takraw, volley ball, at base ball. Siya rin ang tagapayo at tagapagsanay ng dance troupe ng paaralan na kilala sa buong lalawigan dahil sa angking husay ng mga batang mananayaw, at dahil na rin sa dedikasyon ni Ida. Ngunit dahil hindi sapat ang kanyang suweldo sa pagtuturo at ang kinikita ni Felipe sa pagbubukid, wala siyang nagawa kundi gawin ang ginawa at patuloy na ginagawa ng marami sa Ambalatungan. Una sa Singapore. Sumunod sa Israel. At ngayon nga ay nasa London na siya.

Sumilip na ang araw mula sa likod ng Siera Madre. Binuksan ni Mario ang kompyuter at inihanda ang webcam at headset na gagamitin para sa online na pagkukuwentuhan ng mga

magulang. Ilang buwan na ring ganito kung mag-usap sina Felipe at Ida, ngunit hindi pa rin kabisado ni Felipe kung paano buksan ang kompyuter at kung paano makarating sa Yahoo Messenger. Ang alam lang niya ay kung paano lumabas sa Yahoo Messenger at patayin ang kompyuter. Naupo sa harap ng monitor si Felipe at hinintay ang hudyat na online na rin ang asawa.

"Hindi mo na ba hihintayin ang tawag ni Inang mo?"

"Hindi na. maaga ako sa eskwelahan. Evaluation namin mamayang hapon. Magpapalinis pa ako ng room  at aayusin ko pa ang bulletin board. Bibisita mamaya si Mam Taguba. Terror 'yon."

Nagmamadaling naligo at nagbihis si Mario. Lalo siyang umitim sa kulay dalandan na polo na uniporme ng mga guro sa hayskul. Isa siya sa mga pinakabata sa paaralan kaya kailangang maging maganda ang evaluation sa kanya.

"Ipainit mo na lang ang sariwagwag, puwede pa 'yan."

"Sa eskuwelahan na lang ako kakain. 'Yong gamot mo, 'wag mong kalililimutang inumin. Birthday pala ni Uncle Mando ngayon. Ingat sa pagkain. 'Yang rayuma mo. At 'pag inaya ka sa inuman, sabihin mo na lang, masama ang pakiramdam mo. Magsakit-sakitan ka para di ka nila mapilit."

"*Ammok*. Yes, ser!"

"Bibili ako ng puso ng saging at hito pagkagaling sa eskwelahan. Uuwi ako mamayang tanghalian."

Humangos palabas ng bahay si Mario dala-dala ang ilang piraso ng dahon ng saging na gagamitin nilang pampakintab ng sahig. Ilang minuto rin siyang naghintay bago makasakay ng traysikel.

Sabik na tinitigan ni Felipe ang monitor. Hindi na makapaghintay na makakuwentuhan ang asawang matagal nang hindi nakakauwi.

BUZZ!!!

Bumulaga kay Felipe ang laging nakangiting asawa, yakap-yakap ang unan. Natural na kay Ida ang pagiging masayahin kaya hindi aakalaing kaka-kuwarenta lamang niya. Bago siya humarap sa asawa, ipinunggos muna niya ang kanyang buhok at pinulbosan nang kaunti ang mukha. Bibiruin kasi siya ni Felipe kapag nakitang nagingintab na naman ang mukha niya. Nagwisik pa ng pabango kahit hindi naman maaamoy ng nasa kabilang linya. May kabagalan ang kuha ng webcam, ngunit napagtitiyagaan.

“Kumusta ka na diyan, darleng ko.”

“Okey naman, darleng. Kakauwi lang namin ng mga katrabaho ko. Kumusta ang rayuma mo?”

“Magaling na. Ako pa. Nakakalakad na nga ulit ako nang maayos, e.”

Tumayo si Felipe at naglakad-lakad. Nagyayabang na ipinakitang wala na siyang nararamdamang kirot, gayong namimilipit siya sa sakit sa bawat hakbang. Natawa lang si Ida. Nakasandal siya sa pader na may malalaking larawan ng mga kilalang pasyalan sa London. Nakikita ni Felipe sa webcam ang mga DVD nina Sharon Cuneta at Vilma Santos na ipinadala ni Mario kailan lang. Nakakalat din sa inuupuang kama ni Ida ang ilang babasahing showbiz mula pa sa Pilipinas.

“Ang yabang ng asawa ko.”

“Kahapon pa ako magaling, kaya ‘wag kang mag-alala diyan. Ayos lang ako.”

“Ikaw, kumusta ka riyan? Maganda pa rin ang asawa ko, a.”

Namula ang mga pisngi ni Ida. Madali siyang kiligin kapag hinihiritan ng ganito ng asawa.

"Aba, siyempre. Ikaw rin naman, guwapo pa rin. Ikaw yata ang Christopher de Leon ko."

"At ikaw naman ang Nora Aunor ko."

Nakangising hinimas ni Felipe ang kanyang balbas. Parang bumalik sa high school si Ida sa naramdamang kilig.

"Grabe ang buhos ng snow dito. Muntik na kaming maistranded sa daan. Sigurado, hanggang bukas ito."

"Patingin nga. Makikita ko ba?"

Binuhat ni Ida ang gamit na laptop at itinapat ang built-in webcam sa bintana. Madilim sa labas kaya hindi kita ang pagbuhos ng yelo.

"*Awan met.*"

"Wala ka talagang makikita kasi madilim. Awa ng Diyos, walang masamang nangyari sa amin sa daan. Galing kami kina Froilan at Laura, 'yong mag-asawang taga-Jones na ikinukuwento ko sa 'yo. Birthday kasi ni Laura. E, naghanda naman kahit pa'no 'yong mag-asawa. Wala kaming shift ngayon kaya nilubos-lubos na namin ang break. Mantakin mo ba namang halos dalawang araw kaming walang pahinga. Nagluto ako ng pansit. Ay, siyempre, nasarapan sila. 'Yong mga kasama naming nurse na Hungarian at Belarusian, nagpaturo pa kung pa'no magluto. Mababait na mga bata, lalo na 'yong dalawang baklang Polish. Ay, tawa kami nang tawa sa mga kuwento nila. Kami-kami lang naman ang nakakaalam na gano'n sila. Mahirap na 'pag nalaman ng superyor namin. Galit daw sa mga bakla at tomboy 'yon.

"Maganda rin naman na paminsan-minsan, lumalabas kayo. Mahirap kung puro trabaho lang."

Inayos ni Felipe ang pagkakasabit ng headseat sa kanyang tenga. Humihina-lumalakas kasi ang tunog na nanggagaling dito.

"Oo. Enjoy, a. Tinuruan pa nga namin sila nina Laura ng Ilokano. Manang Ida ang tawag nila sa akin. Aba, marunong nang magsabi ng *wen, manang* at *mangan tayon*. Alam na rin nila kung ano ang *uki* at *buto*. Tingnan mo bukas sa Facebook ang mga picture namin, baka i-post na ni Froilan. Patulong ka kay Mario kung pa'no pumunta sa Facebook."

"Mabuti at hindi kayo naaksidente pauwi. Sabi mo malakas ang buhos ng snow diyan."

"Medyo mahina pa naman no'ng nasa daan kami. Lumakas na lang nang sobra no'ng nakauwi na kami. Si Mario?"

"Pumasok na sa eskuwela. May evaluation daw. Kumare mo raw ang titingin sa room ng anak mo."

"Si Lani? Masungit 'yon. Palibhasa, matandang dalaga. Pero matutuwa 'yon pag nakita si Mario."

"Masipag sa eskuwela ang panganay mo. Pero dito sa bahay, ay apo, ang tamad-tamad. Pagkagaling sa eskuwela, walang inatupag kundi ang mag-Internet at manood ng telebisyon. Inuutusan kong maghugas ng pinagkainan, magdadabog pa. Ako na nga minsan ang naghuhugas. At ang banyo, Ida, ang dumi-dumi. Kung kaya ko lang sana, ako na ang naglinis. Dugyot. Kanina nga, muntik ko na namang mapagalitan. Mamimitas lang ng malunggay, sisimangot pa."

"Hayaan mo, pagagalitan ko 'pag nag-usap kami. Si Macmac, uuwi raw diyan mamaya?"

"*Wen*. Kung hindi ko pa pipilitin, hindi pa uuwi. Wala naman na siyang gagawin sa Maynila. Tapos na ang klase. Sabi ko nga, magastos kung hindi siya uuwi. Kung nandito siya, libre ang tirahan. Libre ang pagkain. Walang masyadong gastos. Isa pa, dito lang siya makakakain ng paborito niya. Hindi nga siya makakain ng pakbet kung hindi ako ang nagluto.

Minsan nga, nagpadala pa ako sa bus ng pakbet. Ewan ko sa kanya. Dati, gustong-gustong umuwi at tumulong sa mga gawain sa bukid."

"Baka naman kasi may girlfriend na?"

"Wala naman daw, sabi niya."

"Magshi-shift daw sa ibang kurso? Ayaw na raw niya sa Mechanical Engineering? Saan naman daw siya lilipat? Pa'no yan? Di ba dalawang taon na lang at matatapos na siya? Bakit ayaw na lang niyang pagtiyagaan?"

"Ewan ko ba. Simula nang magsulat siya para sa diyaryo nila, gusto na raw niyang lumipat sa kursong puro pagsusulat lang ang aatupagin. Ewan ko. Sabi ko sa kanya, siya ang bahala. Kung saan siya masaya. Matalino si Macmac katulad ng kuya niya. Hindi siya gagawa ng desisyong ikasasama niya. Isa lang naman ang hinihiling ko sa kanya. Sana naman dalas-dalasan niya ang pag-uwi rito. At saka gusto siyang makita nina Apong Lakay at Apong Baket. Minsan na nga lang silang dumalaw dito, hindi pa nila makikita ang apo nila."

"Kelan daw sila babalik sa Amerika?"

Dekada '80 nang manirahan sa Amerika ang dating sundalo at magsasakang ama ni Felipe. Sumunod ang kanyang ina, na sinundan naman ng panganay at iba pang mga kapatid ni Felipe. Iniwan nilang lahat ang kanilang mga sinasaka. Ilang miyembro na lamang ng kanilang pamilya ang naiwan sa Ambalatungan.

"Sa susunod na linggo. Hindi na nga namin sana papayagan. Si Apong Lakay, ni hindi na nga makalakad. Pero mapilit sina Manang Linda. Mas maaalagaan daw silang mabuti kapag nasa Amerika sila. Sabi namin, dito na lang sila, kami ang mag-aalaga. Dito sila masaya."

Nag-iisip ng isasagot si Ida nang mawalan ng kuryente. *Ukkinana*. Inis na ibinaba ni Felipe ang headseat at saka hinugot ang mga nakasaksak na kable. Hinintay niyang bumalik ang

kuryente. Nitong mga nakaraang linggo ay naging madalas ang brownout sa Ambalatungan. Mataas pa ang tubig sa Magat at wala namang sirang poste. Sapat ang suplay ng kuryente, ngunit panay ang brownout.

Nang mainip, lumabas si Felipe at naupo sa bangko sa ilalim ng puno ng langka. Sa ulunan niya ay ang kumpol ng mga bubot na bunga. Sa gawing itaas pa ay ang hinog na langka. Hindi karaniwan ang laki nito at may maliit na bitak sa bandang ilalim. Hindi magkamayaw ang mga langgam sa pagpipiyesta sa bahaging may bitak. Huminga nang malalim si Felipe at ninamnam ang bango ng langka. Kumakapit sa balat ang halimuyak nito.

Paika-ikang nilapitan ni Felipe ang lumang hand tractor na matagal din niyang napakinabangan. Nanlumo siya nang makita ang kinakalawang na makina ng dating mayabang na Super Kuliglig. Basag ang head light nito. Pinasukan ng manilaw-nilaw nang tubig na pinamamahayan na ng mga kiti-kiti. Hinagod ni Felipe ang magaspang at pudpod nang conveyor belt na ilang daliri na rin ang pinutol. (Naputol ang gitnang daliri at palasingsingan sa kanang kamay ni Paer, pinsan ni Felipe, nang maipit ang mga ito sa conveyor belt matapos paandarin ang makina. Ganito rin ang nangyari sa kapitbahay nilang sina Pacio at Andres.) Ipinagpag niya ang alikabok sa nangingitim na tambutsong pinipi ng matagal na hindi paggamit.

Wala na ang dating kinang ng dilaw na pintura ng handle bar, kung saan nakatitik ang "Super Kuliglig." Nakanganga na ang clutch handle dahil bumigay na ang ring na nagla-lock dito. Halos wala na ring kabuhay-buhay ang trailer na minsan ay nagbuhat ng bundok ng sako ng palay. Bungi-bungi na ang kawayang sahig nito. Ang batik ng tetano, amag, at maputik na dilaw ang palatandaan na malapit nang bumigay ang minsan ay naging matikas na hand tractor.

Maraming beses nang nasangkot sa aksidente ang Super Kuliglig. Wala pang isang linggo nang bilhin ang sasakyan nang mabangga ito sa pader ng community center nang hindi

natantiya ni Felipe ang pagliko. Mahirap talagang imaneobra ang ganitong klaseng sasakyan, lalo na sa pagliko sa mga kanto at U turn. Sumesiyete ito at biglang kumurba kapag mabilis ang takbo. Kailangan pang bumaba ng nagmamaneho para mailiko ang sasakyan. Nang tumagal, nasanay na rin siyang gamitin ang kanyang paa sa pagkontrol sa handle bar para hindi na bumaba pa. Ilang sasakyan na rin ang nakabangga sa puwetan ng Super Kuliglig dahil walang ilaw sa buntot nito. Minsan na ring bumigay ang gulong ng trailer na naging dahilan ng paggewang ng sasakyan sa highway. Tumapon ang mga sako ng palay. Muntik na itong ikamatay ng nabagsakang lalaki sa gilid ng daan.

Hirap na umupo si Felipe sa trailer at hinawakan ang clutch ng hand tractor. Hinatak ito. Napangiti siya at naalala ang mga panahong kasama ang asawa. Labingsiyam na taong gulang si Felipe noon nang ikasal kay Ida na labingwalong taong gulang lang. Mula sa pamilya ng magsasaka ang lalaki, samantalang mula sa isang maykayang pamilya ang babae kaya lubos ang panghihinayang ng kanyang mga magulang at mga kapatid. Bumukod sila at nagpatayo ng bahay-kubo. Hindi na tinapos ni Felipe ang kolehiyo at nagsimulang sakahin ang minanang bukid mula sa ama. Sa kabila ng pagiging nanay kina Mario at Macmac, itinuloy ni Ida ang pag-aaral hanggang sa makapagtapos.

Sa simula pa lang ay nabaon na sa utang ang mag-asawa. Madalas silang manghiram para may ipambili ng binhi at pataba, at para may ipakain o ipabaong salapi sa mga katulong nila sa bukid. Abot hanggang langit ang interes na ipinapataw ng mga nagpapautang kaya hindi sumasapat ang mga naani sa pagbayad ng mga hiniram na salapi. Isa pa, naibebenta ang mga palay sa napakababang halaga, dahil na rin sa panggagago ng NFA at pambabarat ng malalaking rice mill. Ganito nang ganito hanggang sa nagkapatong-patong ang kanilang utang. Na

humantong sa pananakot ng mga ganid na nagpautang. Sa tulong ng mga magulang ni Ida, unti-unti nilang nabayaran ang mga ito.

“Felipe, insan!”

Lumapit sa kinaroroonan ni Felipe ang nakatatandang pinsan na si Paer. Bagsak ang maluwang niyang damit sa bagsak at mabuto niyang balikat. Tinanggal niya ang suot na sumbrerong pang-baseball at lumitaw ang makintab na tuktok at makulubot na noo. Matamlay ang kanyang mga mata at nanunuyo ang maitim na labi. Nagsindi siya ng sigarilyo gamit ang mga natitirang daliri sa kanang kamay. Inalok niya si Felipe ngunit tumanggi ang huli.”

“Hinog na ang langka, a. Ba’t di mo pa pinipitas? Baka maunahan ka pa ng mga bata sa *abagatan*.”

“Ipapaakyat ko na iyan kay Mario mamaya. O, ano pala ang nangyari sa dalaga mo?”

“*Ukkinana*, insan. Apat na buwan na palang buntis, di man lang sinabi sa amin. ‘Yong nobyo niyang taga-bayan ang nakadale.”

“Kailan ang kasal?”

“Walang kasalan, insan. Ayaw panagutan ng lalaki. *Ukkinana*, insan. ‘Wag lang siyang magpapakita sa akin, baka mataga ko ang leeg niya.”

Bumuga ng usok si Paer. Pasimpleng umiwas si Felipe sa usok na naglalaro sa kanyang harapan.

“Kumusta na nga pala kayo ni Pareng Dante?”

“Di ko alam ang gagawin ko, insan. Sabi ko sa kanya, babayaran ko sa susunod na anihan. *Ukkinana*, insan. Kung alam ko lang na masahol pa siya sa 5-6 kung maningil, sana di na lang ako umutang. Ayun, sumugod kahapon sa bahay, kung ano-ano ang sinabi. Ininsulto ako, insan. Sa harap ng asawa’t mga anak ko. Ay, mabuti na lang nakapagpigil ako. Pasalamat siya at

sinapak ko lang. Ang dapat sa kanya, inaararo ang mukha. Kung alam mo lang, insan. Nainsulto talaga kami. Mantakin mong sabihang batugan daw kaming mag-asawa. Nakatikim lang ng konting pera, akala mo kung sino nang hari. E, ang asawa lang naman niya sa abroad ang bumubuhay sa kanya, insan. Hindi ko lang alam kung alam ni Kumareng Fely ang kalokohan ni Dante. May ibinabahay daw sa bayan, e."

Namumula na sa galit si Paer at maglalabas pa sana ng sama ng loob kay Felipe nang may humintong traktor sa tapat ng bakuran. Puno ang trailer ng sasakyan ng pinatuyong kawayan. Kumaway ang tatlong lalaking nakasakay rito. Ngumiti lamang ang magpinsan.

"Insan, mauna na ako. Sasamahan ko lang sina Pareng Goryo sa laud. Magtatayo ng kubo."

"Magkita tayo kina Mando mamaya. May inuman daw."

"Oo. Magluluto kami ng igado, insan."

Patakbong tinungo ni Paer ang kinakalawang na traktora at umangkas dito. Naiwan si Felipe na hilot-hilot ang nirarayumang paa. Pagkaraan ay pinuntahan niya ang malaking silyasing pinagbababaran ng palay na gagawing binhi. Inililis niya ang takip na tolda at sinimulang haluin ang nakababad. Bumula ito. Masarap sa tenga ang pagputok ng mga bula. Nagsimulang maglaban ang bango ng hinog na langka at ang alingasaw ng palay na masahol pa sa amoy ng nabubulok na alak. Ngunit sa pang-amoy ni Felipe, halimuyak ito ng walang katapusang dami ng bulaklak.

"May ilaw na!" sigaw ng mga batang naglalaro sa kapitbahay.

Agad na tinakluban ni Felipe ng tolda ang silyasi. Saka na niya papalitan ang tubig kapag dumating na si Mario. Naghugas siya ng kamay sa poso at dali-daling tinawag ang kapitbahay na nakakaalam kung paano buksan ang computer.

Pinagmasdan ni Felipe kung paano buksan ng hipag na si Ofelia ang computer. Natatandaan niya ang mga hakbang, ngunit nakakalimutan niya kung siya na ang sumusubok nito. Sa likuran nila ay ang kambal na apo ni Ofelia. Ang lalaki ay may hawak na nilagang itlog at sanga ng kahoy na may lawit na puting tali, samantalang ang babae ay ngumunguya ng makunat na tapang kalabaw.

Online pa rin si Ida. Si Ofelia muna ang kumausap sa kanya. Tumabi sa kanya ang kambal na panay ang kaway sa kanilang tiyahin sa webcam.

"Ida, kumusta ka na? Hala, tumataba ka, a. Okey lang 'yun. Maganda pa rin tayo."

Tumawa nang malakas si Ofelia. Pati si Ida ay hindi na makahinga sa katatawa kahit nasa kabilang linya. Si Ofelia kasi ang may pinakanakakahawang tawa sa Ambalatungan. Hindi niya alam, pero siya ang takbuhan ng mga kapitbahay at kaibigan kung may problema sila. Isang malutong na tawa lang ang kailangan para malimutan nila kahit sandali ang mga bumabagabag sa kanila. Noong minsang dumalaw siya sa burol ng isang malayong kamag-anak, hindi mapigil sa katatawa ang mga naglalaro ng tong-its at BINGO dahil sa kanyang tawa.

"Ay, *nagimas ti sidaen*. Tapang kalabaw. Ito, may dala nga ako para kay Felipe at Mario."

Ipinakita niya kay Ida ang tapang nakalagay sa plastik na mangkok. Hinimas ni Ida ang kanyang lalamunan. Ilang taon na siyang hindi nakakatikim nito. Sandali siyang napapikit at pilit inalala ang amoy, lasa, at kunat ng tapang kalabaw.

"Di yata puwede 'yan kay Felipe. Baka atakehin na naman ng altapresyon."

"Puwede naman siguro sa kanya 'to, basta di sobra," sabay subo ng isang piraso ng tapa.

Ipinatong ni Ofelia ang mangkok sa tabi ng keyboard ng computer at inayos ang webcam. Lumabo ang lente ng webcam dahil napahiran ito ng mantikang kumapit sa mga daliri in Ofelia. Agad niyang nilinis ang lente gamit ang laylayan ng suot na lilang daster.

"Uy, Ida, nabalitaan mo na ba, patay na si Mameng. Inatake sa puso. Medyo nangangamoy na raw nang makita ang bangkay no'ng isang araw."

"Ay, apo. Ang buhay nga naman, ano. Kawawa naman ang matanda. Mag-isa hanggang sa kamatayan. E, siya rin naman kasi. Kung hindi siya naging sakim sa pera at kung naging mabuti lang sana siyang tao, sana hindi siya iniwan ng asawa at mga anak."

"Kaya nga. Sabi pa nga nila, may nakita raw na dalawang lata ng biskwit sa kuwarto. Punong-puno raw ng pera. Tingnan mo, ipinagdamot niya noon ang pera sa mga taong nangangailangan, di rin naman pala niya napakinabangan. Alangan namang kasa-kasama pa rin niya ang kayamanan niya sa kung saan man siya ngayon."

Sasagot pa sana si Ofelia nang nag-agawang tumapat sa webcam at kumaway-kaway ang kambal kay Ida. May dinukot mula sa kanyang bag si Ida at ipinakita sa mga pamangkin. Napanganga at nanlaki ang mga mata ng dalawang bata.

"'Pag uwi ko, may pasalubong akong maraming-maraming tsokolate."

Hindi magkamayaw sa tuwa ang natatakam na kambal. Nag-iisip naman si Ofelia kung ano pa ang ibabalita kay Ida.

"Ay, patay na rin 'yong dalaga ni Manang Emma."

"Si An-an?"

"Nagbigti. Ang sabi, nagpapabili raw ng laptop. Hindi raw nakapagpadala ng pambili sina Manang Emma at Manong Caloy. E, di rin naman gano'n kalaki ang kinikita nila sa Yemen. Ayun, dinibdib daw ng bata."

"*Anya met*. 'Yon lang?"

"'Yan ang sabi ng kuya niya. Pero ang totoo raw, sabi nila, may problema rin daw si An-An sa boyfriend niya. Ang sabi nila, baka raw nabuntis."

"Nagpalaglag daw, sabi ni Manang Josie," singit ni Felipe.

"Ay, oo, Ida. Nagpalaglag nga daw. Kawawang bata. Ang laki na pala ng problema, hindi man lang nalaman ng mga magulang niya."

"Nar'yan na ba sina Manang Emma at Manong Caloy?"

"Kelan daw uuwi ang mag-asawa?" tanong ni Ofelia kay Felipe.

"Hindi yata makakauwi. Ayaw raw yatang pauwiin ng mga amo nila. Ang sabi, gasgas na dahilan na raw 'yon. Hindi yata naniniwala ang employer nila na namatayan talaga sila."

"Sobra naman. Parang andami naman yatang namamatay diyan ngayon," sabi ni Ida.

"Halos araw-araw nga, may dumadaang prusisyon ng patay, e. Si Mameng no'ng isang araw. Si An-An kahapon. Si Pareng Tibo no'ng Lunes. Si Manong Bubot naman no'ng nakaraang linggo."

"Ako na yata ang susunod," biro ni Felipe.

Natawa lang si Ida nang sabihin sa kanya ni Ofelia ang sinabi ni Felipe. Madalas kasi siyang biruin ni Felipe na ang kanyang rayuma at altapresyon ang papatay sa kanya. Iniba ni Ida ang usapan.

"Manang Ofel, kausap ko si Manong Ben sa chat no'ng isang araw. Uuwi na raw?"

Tumawa lang nang tumawa si Ofelia, halos hindi makahinga. Natawa rin sina Ida, Felipe, at ang kambal. Naluha silang lahat sa katatawa. Nang mahimasmasan, kumuha si Ofelia ng isang piraso ng tapang kalabaw sa mangkok at nginuya ito.

“O, ibabalik ko na kay Felipe. Lilinisin ko pa ang kanal, bumara na naman dahil sa mga nalaglag na dahon. Ingat ka diyan, ha. Hihintayin namin ang pagbabalik mo, Ida.”

Ipinasa ni Ofelia ang headset kay Felipe at inayos ang webcam. Kinuha niya ang walis tingting na nakasandal sa dingding at lumabas ng bahay.

“Hindi na raw ni-renew ang kontrata ni Manong Ben. Malabo na raw kasi ang mga mata, sabi ng doktor ng kompanya. Delikado raw lalo na’t malalaking trak ang minamaneho. Halos sampung taon sa Amerika, pero walang ipon. Tingnan mo si pareng Jun, ang tagal sa Saudi. Ang yabang-yabang, pero isang bisikletang may side car lang ang naipundar. ”

Sa halip na sumagot, nagpaalam sandali si Ida para kumuha ng mangangata. Bago bumalik sa pakikipagkuwentuhan, isinara niya ang bintana dahil tumatagos na ang lamig sa kanyang makapal na suot. Nagsuot siya ng medyas at pulang bonet na iniregalo sa kanya ng baklang Polish noong kaarawan niya.

“Baka limang buwan na lang ako dito, darleng.”

Kahit na nakangiti, hindi naikubli ni Ida ang pagkalungkot kay Felipe. Hindi marunong magsinungaling ang mga mata.

“Hindi na ako magre-renew. Naghigpit na kasi sila. Binawasan ang oras ng trabaho namin. Dalawampung oras sa isang linggo mula sa apatnapung oras. Kada oras ang suweldo namin, di ba? Magkano na lang ang kikitain ko? ‘Yong ibang kasamahan ko, di na rin magre-renew. Si Olive, ‘yong taga-San Mariano, nauna nang umuwi. Susunod na sina Erlinda at Manang Esteling.”

Sabay-sabay na nagbitiw sa pagtuturo sa paaralan sa Ambalatungan sina Ida, Erlinda, at Esteling. Nangibang-bansa sila at namasukan bilang mga kasambahay. Sa Singapore napadpad si Ida, sa Taipei si Erlinda, at sa Kuwait si Esteling. Isang taon lang ang inilagi nila sa ibang bayan

dahil sa pagmamalabis ng kanilang mga amo: napagod si Ida dahil trabaho ng sampung kasambahay ang ipinagagawa sa kanya, naging kalansay ang dating mapintog na si Erlinda dahil isa o dalawang beses lang sa isang araw siyang pinapakain, at halos masiraan naman ng ulo si Esteling sa paghihintay sa kanyang suweldo. Umuwi sila ng Pilipinas nang patong-patong ang utang.

Bumalik sila sa pagtuturo at, di-nagtagal, muling nangibang-bayan. Sabay-sabay na lumipad ang magkakaibigan papuntang Tel Aviv. Freelancer sila rito, ibig sabihin, hawak nila ang kanilang oras. Hindi naman sila naubusan ng bahay na malilinis o batang maaalagaan kaya patuloy ang pasok ng pera. Dagdag-kita rin ang pagbebenta nila, kasama ng ilang mga Pinoy doon, ng mga CD at DVD tuwing gabi. Iligal ito, ngunit alisto at mabibilis silang tumakbo kaya hindi nahuhuli ng mga pulis. Maliban dito at sa panaka-nakang pagsabog sa siyudad at iba pang kaguluhan, naging maayos naman ang pamamalagi nila doon. Natustusan ni Ida ang pag-aaral ng mga anak at ang mga pangangailangan ni Felipe sa bukid, nakapagpatayo ng maliit na gotohan si Erlinda, at naipaayos ni Esteling ang kanilang bahay.

Kumuha ang tatlo ng kurso sa caregiving sa Tel Aviv. At mula rito, dumiretso sila sa London. Sa ibang nursing homes nag-aplay si Erlinda matapos silang mag-away ni Esteling. Ipinagkalat kasi ng huli na may relasyon ang una sa amo nito. Bilang ganti, itsinismis ni Erlinda na napakaluho at hindi nagbabayad ng utang si Esteling. Nagsingawan ang iba pa nilang baho. Mula sa pagkakaroon ng kuto sa bulbol ni Erlinda hanggang sa pagiging masamang ina ng kaibigan. nailantad ang baho ng katawan at baho ng pagkatao.

Dalawang taon ding hindi nag-usap o nagpansinan man lang sina Erlinda at Esteling. Saka lang nabura ang kanilang hinanakit sa isa’t isa nang minsang yayain silang mamasyal ni Ida. Bumababa sila sa hagdan papuntang subway nang matapilok si Erlinda. Napakapit siya kay

Esteling na muntik nang mawalan ng balanse. Ilang na napangiti ang dalawa. Nang makasakay sa tren, sinagot ni Ida ang tawag sa kanyang cell phone. Nabigla siya nang pumreno ang tren. Napasandal siya kay Esteling na napasandal naman kay Erlinda. Mahigpit ang kapit ni Erlinda sa poste, ngunit hindi niya nakayanan ang bigat ng dalawa. Tumumba sila at naging sentro ng atensiyon. Napabunghalit sila ng tawa. Maging ang ibang pasahero ay nakisali sa kanilang malulutong na tawanan.

"Wala tayong magagawa. Kahit paano naman, may ipon na tayo."

"E, pa'no ang bahay, darleng?"

Isa sa mga plano nina Felipe at Ida ang makapagpatayo ng simple, ngunit disenteng bahay. Isang taon nang walang nadadagdag na bago sa kanilang bahay. Wala pang tiles ang sahig at hindi pa napapalitadahan ang ibang bahagi ng bahay. Hindi pa rin nila nabibili ang mga muwebles at palamuting kahit paano ay magiging simbolo sana ng kanilang pag-angat sa buhay.

Makapal na ang alikabok sa magaspang na sahig (na ilang linggo nang hindi winawalis dahil sa katamaran ni Mario) at namuo na ang mga agiw sa screen sa mga pintuan at bintana. Maliban sa de-tiklop na mesa at upuang monoblock, ang computer, kinakalawang na refrigerator, at mahabang bangko lang ang laman ng sala. Ang telebisyong ipinadala ni Ida ay nasa kuwarto ni Felipe. Sa isang sulok ng sala nakatambak ang apat na sako ng palay at isang kabang bigas. Sa isang sulok naman nakatayo ang uuga-ugang mesang yari sa kahoy na patungan ng mga sangkap sa pagluluto at ilang kagamitan sa kusina. Sa sala rin namamalagi ang alagang tutang napagkatuwaang pangalanang Obama. Ang isang kuwarto ay naging tambakan ng mga padala ni Ida na hindi pa ginagamit, tulad ng washing machine, blender, oven, mabibigat na kutsara at tinidor, sabong panligo at panlaba, at iba pang kasangkapan na di naman magagamit dahil walang paggagamitan.

“Nangako naman ang mga anak mo na tutulong para matapos ang bahay. Magbibigay daw si Mario ng dagdag sa pambili ng tiles. Matatapos din natin ito, kahit paunti-unti.”

Napabuntong-hininga si Ida. Magsasalita na sana siya nang mawalan na naman ng kuryente. *Ukkinana*. Muling hinugot ni Felipe ang mga nakasaksak na kable, umaasang babalik din agad ang kuryente. Naalala niya ang nananamlay na tandang. Nagpakulo siya ng tubig. Pinatuka niya ng bigas ang titinolahing tandang. Walang ganang tumuka ang manok.

Ilang minuto na ang nakakaraan ngunit hindi pa rin bumabalik sa YM si Felipe. Isinaksak ni Ida ang DVD ng pelikulang *Crying Ladies* na pinagbibidahan ng idolong si Sharon Cuneta. Pinatay niya ang ilaw, naupo sa higaan, at sumandal sa pader. Binalot niya ng kumot ang pagal na katawan. Bumagsak ang talukap ng mga mata ni Ida.

Hiniwa ni Felipe ang lalamunan ng manok at sinahod ang dugo kasama ang tinukang bigas sa mangkok. Hindi nanlaban ang tandang, parang handa sa at tanggap na ang mangyayari. Pinatulo ni Felipe ang dugo hanggang sa malagot ang huling hibla ng buhay ng tandang. Saka niya tuluyang kinalas ang leeg. Inilublob niya ang katawan ng manok sa kumukulong tubig at tinanggal ang mga balahibo.

Nagsigawan muli ang mga bata sa kapitbahay nang bumalik ang kuryente. Iniwan ni Felipe ang hubad nang manok at dali-daling pumuwesto sa harap ng computer. Saka niya naalalang hindi pala niya alam kung paano bubuksan ang computer. Tinitigan niya nang matagal ang monitor, iniisip na baka tulog na rin ang asawa niya.

Binalikan ni Felipe ang manok. Tinanggal niya ang mga hita, pakpak, at leeg nito at biniyak sa gitna ang katawan. Kinuha niya ang puso, atay, at balunbalunan. Kumunot ang kanyang noo nang manuot sa ilong niya ang lansa. Natigilan siya. Hindi pa rin maalis sa isip niya ang huling sinabi ni Ida, na baka hindi na siya mag-renew ng kontrata. Paano ang bahay? Anong

trabaho ang babalikan niya pag-uwi? May ipon si Ida ngunit hindi iyon sapat. Lumitaw ang mga linya ng pagkabahala sa noo ni Felipe, ngunit unti-unti rin itong nawala, kasabay ng pagguhit ng ngiti sa kanyang mga labi. Uuwi na ang darleng ko, bulong niya sa sarili.